Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 5, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

## Nasa Loob

Excellent rating sa ARTA nakuha ng LTO,NSO at PPO p2
Likha ng creative writer na isang Daeteño posibleng mailimbag sa Phil. Journal of Literature p2
Gob. Tallado dumayo sa CamSur sa Araw ng Kalayaan; Bise Gob. Pimentel nanguna sa paggunita sa Cam-Norte p2
14 ARCP2 completed projects nai-turn-over na p3
Tig-P10 libo ipinagkaloob sa 3rd batch ng AK-BAY Program sa Talisay p3
16 ANIBERSARYO NG KALAYAAN NG PILIPINAS - Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado p4
Mga piling larawan p5
1st health-related youth congress held p6
2013-2022 is Decade for PWDs p6
Ganap na karapatan ng mga may kapansanan, ipinaglalaban samantala opisina para sa kanila matutupad na p6
62 of 80 provinces' use outdated basis for collecting real property tax p7
4-H Club ng CamNorte patuloy na nagwawagi sa mga patimpalak p7

# Camarines Norte: Sarado laban sa cocolisap

Nakapinid ang pintuan at bantay-sarado ang mga opisyal ng iba't-ibang ahensya ng gobyerno probinsyal sakaling magtatangkang pumuslit ang cocolisap papasok dito sa Camarines Norte. Ito ang pahayag ng *Philippine Coconut Authority (PCA)* sa paglulunsad ng isang *information drive* upang makabuo ng pinagbuklod na kilusan laban sa pesteng cocolisap na naghahasik ng lagim sa mga niyugan sa mga probinsya sa CALABARZON (Cavite-

*(Sundan sa pahina 3)*

# Prov'l. Govt. muling pinarangalan ng DILG

## 12 bayan sa lalawigan SGH awardee din

MULING pinatunayan ni Gob. Edgardo A. Tallado ng Camarines Norte ang kanyang kakayahan at galing sa pamamalakad nang tanggapin niya sa ikalawang pagkakataon ang *Seal of Good Housekeeping Award* sa angkop na seremonyang ginanap sa lunsod ng Naga noong Mayo 28, 2014. Si *DILG Sec.* Mar Roxas ang personal na nag-abot ng gantimpala sa gobernador kasama si *Rep.* Lennie Robredo ng Ikalawang Distrito ng Camarines Sur.

Bunga nito ang *Provincial Government of* Camarines Norte ay tatanggap ng *P7M Performance Challenge Bonus* na ayon sa gobernador ay ilalaan niya para sa malaking *local development project* na *farm-to-market roads (FMRs)*.

Ang *PG* Camarines Norte y isa sa 53 *local government units (LGUs)* sa Rehiyong Bikol na nakapasa sa *scaled-up* 2012 *Seal of Good Housekeeping (SGH)* Assessment na isinasagawa ng *Department of the Interior and Local Government*.

Tumanggap din ng tig-iisang milyong tseke ang *local government units (LGUs)* ng 10 bayan ng Camarines Norte: Basud, Capalonga, Jose Panganiban, Mercedes, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena at Talisay. Ang bayan ng Labo at Daet ay hindi na pinagkalooban ng nasabing *cash incentive* sa-

*(Sundan sa pahina 3)*




# P 7.7 milyong premyo pakikinabangan ng Basud at Mercedes


Ilalaan ng *Provincial Government of* Camarines Norte ang natanggap nitong pabuyang P 7M premyo o *performance challenge bonus* mula sa *DILG Performance Challenge Fund (PCF)* para sa *farm to market road (FMR) project*.

Ang nasabing *financial incentive* ay gugugulin para sa proyektong *Concreting of* Manguisoc-Angas *Road* sa *Mercedes-Basud* batay sa pamantayan ng *DILG SGH* na dapat ilaan ang *PCF* sa mga *high-impact local development project* na nakapaloob sa 2014 *Annual Investment Programs (AIPs)* ng *LGU awardee*. Ito rin ay dapat na nakaugnay sa *priority thrusts* ng pamahalaang nasyonal na tinukoy sa *General Appropriation Act 2013 for PCF*, ito ay sa layuning mapapagsama ang *local development initiatives* sa *national development agenda and priorities.*

Binigyang-prayoridad ng *PG* Cam. Norte ang pagkongkreto ng Manguisoc-Angas *Road* sapagkat marami ang mabebenepisyuhan nito lalo na ang tinatayang may 1,000 magsasaka, 500 mangingisda at 7,321 residente sa lugar. Bilang ambag, sasagutin ng *PG* Cam. Norte ang gastusin para sa *pre-engineering, launching*, at *operation and maintenance costs* ng proyekto.

Ang *PG* Camarines Norte sa ilalim nang mahusay na pamamahala ni Gob. Edgardo A. Tallado ay isa sa 53 *local government units (LGUs)* sa Rehiyong Bikol na nakatugon sa mga pamantayan ng *DILG-SGH*

Ayon kay Gob. Tallado, ang naturang pagkilala ay iniaalay niya sa mga hepe at kawani ng pamahalaang panlalawigan na buong husay na tumatalima sa mga pamantayan ng paggawa at masipag na ginagampanan ang kanilang tungkulin. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING CALIMLIM***




# SGH ano ito?

Ang ***Seal of Good Housekeeping Award*** ay isang inisyatibo upang bigyang-pagkilala ang mga *local government units (LGUs)* na nakapagtala ng magandang *performance* sa larangan ng lehislatura (paggawa ng ordinansa), *development planning, resource generation, resource alloca-*

*(Sundan sa pahina 2)*

# Excellent rating sa ARTA nakuha ng LTO,NSO at PPO

Pawang nakakuha ng *EXCELLENT rating for Total Customer Satisfaction* ang *Land Transportation Office (LTO), Provincial Prosecutor's Office (PPO)*, at *National Statistics Office (NSO)* dito sa Camarines Norte. Ito ay batay sa resulta ng katatapos na *2013 Anti-Red Tape Act (ARTA) Report Card Survey (RCS)* na pinangangasiwaan ng *Civil Service Commission (CSC)*.

Sa may 929 tanggapan ng pamahalaan sa buong bansa, ang *LTO CN* ay isa sa mga ahensya na nabigyan ng *final numerical rating* na 95.10 at *final descriptive rating* na EXCELLENT. Kasama rin dito ang *PPO* at *NSO* na nakakuha ng *final descriptive rating* na EXCELLENT na ang *rating ranges* ay mula 90-100.

Sa pangunguna ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel, ipinaabot din ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang kanilang pagbati sa pamunuan ng naturang ahensya ng pamahalaan dito sa Camarines Norte sa pamamagitan ng pagpatibay sa SP Resolusyon Blg. 105-2014, 106-2014 at 107-2014, ayon sa pagkakasunod.

Ang lahat ng sangay ng pamahalaan, mapalokal at nasyonal man na nagbibigay ng *frontline services* sa publiko ay taun-taong isinasailalim ng *CSC* sa naturang *ARTA RCS*. Alinsunod ito sa Seksyon 5 ng *Republic Act No. 9485 (An Act to Improve Efficiency in the Delivery of Government Service to the Public by Reducing Bureaucratic Red Tape, Preventing Graft and Corruption, Providing Penalties Thereof)* o mas lalong kilala bilang *Anti-Red Tape Act of 2007* o *ARTA*.

Ang *ARTA-RCS* ay isang *structured tool* na ginagamit para aktwal na makakalap ng mga *feedbacks* mula sa mga kliyente ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan na naghahatid ng *frontline services* sa publiko. Kasama rin dito ang pagsubaybay kung nasusunod ng mga ahensya ng pamahalaan ang mga probisyon ng *RA 9485* o *ARTA* kagaya ng *'No Lunch Break Policy'*; pagpaskil ng *Citizens Charter* at paglalagay ng *Public Assistance and Complaints Desk (PACD)* sa kani-kanilang hurisdiksyon.

Matatandaan din na ang *Camarines Norte PPO* na pinamumunuan ni *OIC Prosecutor* Annalie T. Velarde ay pinarangalan ng *Department of Justice (DOJ)* noong Mayo 2012 dahil sa buong Rehiyong Bikol ay nakapagtala ito ng pinakamaraming kasong nadesisyunan noong taong 2011. Ang kahalintulad na pagkilala mula sa *DOJ* ay tinanggap din ng *CNPPO* para sa taong 2012 dahil sa pinakamaraming kasong nadesisyunan nito. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Likha ng creative writer na isang Daeteño posibleng mailimbag sa Phil. Journal of Literature

Sa pamumuno ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel, pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Resolusyon Blg. 196-2014 na nagbibigay-pagkilala kay G. James P. Lopez bilang *contemporary literary artist* ng ating Lalawigan ng Camarines Norte.

Ang ating kababayan na si G. Lopez ay residente ng Brgy. Pamorangon, Daet na sa loob ng halos kalahating dekada ay itinuon ang sarili sa larangan ng literatura at sining ng panulat. Paulit-ulit niyang ipinagmamalaki na siya ay tubong Camarines Norte sa bawat pagsali niya sa mga kumpetisyon na inilunsad ng iba't-ibang organisasyon sa pakikipagtulungan sa *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)*.

Kamakailan din ay nagsumite si G. Lopez sa *UP Institute of Creative Writing (ICW)* ng kanyang panulat para sa posibilidad na mapasama sa ika-7 isyu ng Likhaan: *The Journal of Contemporary Philippine Literature*, ang nangungunang *literary peer-reviewed journal* sa bansa. Pinupunduhan ng *Office of the Chancellor of UP Diliman* ang taunang paglilimbag ng Likhaan na tinatampukan ng pinakamahuhusay at hindi pa naililimbag na mga panulat na nasa mga wikang Ingles at Filipino.

Binigyang-pagkilala ng SP ang mga tagumpay ni G. Lopez na nagsilbi umanong instrumento at inspirasyon para mahimok ang mga bago at papausbong o papasibol na mga *literary artists* dito sa lalawigan na linangin ang kanilang talento at ipakita ang kanilang husay sa larangan ng panulat. Si G. Lopez din ay nagsasagawa ng taunang aktibidad na nakasalig sa pagpreserba sa *literary works* ng lokal na mga manunulat dito.

Inaasahan ng pamahalaang panlalawigan na ang ginawang pagkilala kay G. Lopez ay magbibigay-daan para maiangat ang kamalayan ng ating mga kababayan ukol sa kahalagahan sa pagpapaunlad ng ating lokal na kultura at sining, at makilahok din sila sa mga pansining na gawain at programa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# SGH ano ito?...

**(Mula sa pahina 1)**

*tion and utilization*, *customer service*, *human resource management and development*, at maging sa paglalapat ng *fundamentals of good governance*.

Noong 2011 ang pagpili sa mga ginawaran ng parangal ay nakatuon sa mahusay na pamamahala ng pananalapi ng mga *local government units (LGUs)*. Ang pamantayang ginamit dito ay: kawalan ng negatibong *report* mula sa *Commission on Audit (COA)*, ang bukas at hayag na mga transaksyon ng mga *LGUs*, at ang pagpapatupad nila sa *Full Disclosure Policy*.

Para sa 2012, ang pagpili sa mga binigyan ng parangal ay mas hinigpitan at hinati sa tatlong (3) kategoriya: *bronze*, *silver*, at *gold*. Nakuha rito ng Camarines Norte ang *award* sa ilalim ng *silver category*.

Ang ginamit na pamantayan sa pagpili ng *awardees* sa ilalim ng 3 kategorya ay ang mga sumusunod:

***Bronze category*** – walang negatibong *report* mula sa *Commission on Audit (COA)* at mahigpit na nakasunod sa *Full Disclosure Policy*.

***Silver category*** - markang *GOOD* o *EXCELLENT* sa *report card* mula sa *Civil Service Commission (CSC)* kaugnay sa implementasyon ng *Anti-Red Tape Act (ARTA)*; ginagampanan ng lokal na *Bids and Awards Committee (BAC)* ang tungkulin nito, at ang mga proyektong isinalalim sa *bidding* ay naitatala sa *PhilGEPS*.

***Gold category*** – nakapagtala ng *above benchmark LGMPS (Local Governance Performance Management System) accomplishment*, may *Internal Audit Office* ang *LGU*, gumagana ang *Local Development Council (LDC)*, *Local Health Board (LHB)*, *LSB*, at *Peace and Order Council (POC)*. Kasama rin dito ang aktibong pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa mga *people's organizations (POs)* o mga *non-government organizations (NGOs)* sa paghahatid ng *basic services* sa mga pamayanan, may *capability building*, *livelihood projects*, at mga *socio-economic endeavors* at *indigenous peoples (IPs) representation* sa mga lokal na sanggunian at iba pang lokal na *policy-making bodies*. ***(Source: DILG Seal of Good Housekeeping)***

# Gob. Tallado dumayo sa CamSur sa Araw ng Kalayaan Bise Gob. Pimentel nanguna sa paggunita sa CamNorte

Sa pangunguna ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, ipinagdiwang sa lalawigan ang paggunita sa ika-116 anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 2014 na may temang, "Pagsunod sa Yapak ng mga Dakilang Pilipino, tungo sa Malawakan at Permanenteng Pagbabago".

Kasabay ng programa dito ay ang pagdiriwang din sa Naga *City* kung saan ang tampok na panauhin ay si Pangulong Benigno Simeon 'Noynoy' C. Aquino III.

Si Gob. Edgar A. Tallado at iba pang gobernador sa rehiyong Bikol ay dumalo sa nasabing okasyon. Samantala, pinangunahan naman ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang naturang selebrasyon dito.



Halos napuno ang *provincial capitol grounds* dahil sa dami ng nakiisa sa pagdiriwang dito mula sa ibat'-ibang tanggapan at mga paaralan at iba pang sektor sa lipunan sa pangunguna ng samahan ng mga beterano sa Camarines Norte.

Sa ganap na ika-7 ng umaga ay ginanap ang misang pinamunuan ni *Rev. Fr.* Ditoy Era na angkop na angkop ang homiliya sa tema ng pagdiriwang. Sinundan ito ng *Flag Raising Ceremony* na kaagad sinundan ng mensahe ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel. Ang mensahe ng punong lalawigan ay binasa naman ni *Provincial Administrator* Jose G. Boma.

Pinakatampok sa pagdiriwang ang *socio-civic and military parade* sa *downtown* Daet na nagtapos sa *SM Hypermarket facade*.

Kinabukasan, Hunyo 13, nagkaroon ng *poster-making contest* sa *Central Plaza Mall Atrium* at ang kanilang mga likhang *posters* ay itinampok sa isang eksibit sa *Ground Floor Lobby*, *Provincial Capitol*, Daet simula Hunyo 16-20.

Ang naturang pambansang selebrasyon ay binigyang-diin sa pama-

**(Sundan sa pahina 7)**

# 14 ARCP2 completed projects nai-turn-over na

Pinangunahan ni *Secretary* Virgilio R. delos Reyes ng *Department of Agrarian Reform (DAR)* ang pag*turn-over* ng katatapos na labing-apat (14) na proyekto sa ilalim ng *Agrarian Reform Community Project (ARCP)* na pinunduhan ng nasabing kagawaran. Isinagawa ang seremonya nito sa loob ng programa sa *inauguration and blessing* ng *Camarines Norte Agri-Pinoy Trading Center (CN APTC)* noong Mayo 15, 2014 sa Sitio Mat-I, Brgy. Sto. Domingo sa bayan ng Vinzons.

Ang naturang mga proyekto ay kinabibilangan ng konstruksyon ng mga sumusunod: 1) *multi-purpose building* – Brgy. Batobalani, Paracale; 2) Purok 1 *farm-to-market road (FMR)* – Talobatib, Labo; 3-4) Malangcao-Basud *Health Station*, at *solar dryer* - Malangcao -Basud, Labo; 5) *ARCESS access road* – Laniton, Basud; 6) *multi-purpose pavement/solar dryer* – Laniton, Basud; 7-9) *post harvest facility/warehouse*, *DARBO multi-purpose building* at *solar dryer* – Daguit, Labo; 10) *SIAR-BECO multi-purpose building* at *warehouse* – San Isidro, San Lorenzo Ruiz; 11) *multi-purpose pavement/solar dryer* - Laniton, Basud, at 12) *day care center* – Dagang, Paracale. Kasama rin dito ang 13) *improvement* ng *day care center sa* Brgy. Daguit, Labo, at ang 14) rehabilitasyon ng *Macogon Level II Public Water System* sa Brgy. Macogon, Labo.

Ang nabanggit na mga imprastraktura ay kabilang sa unang grupo ng mga proyekto na natapos dito sa Camarines Norte sa ilalim ng *ARCP 2* na *foreign-assisted project* na ipinatutupad ng *DAR* katuwang ang *Asian Development Bank (ADB)*.

Kasama ang Lalawigan ng Camarines Norte, isinasagawa sa 18 lalawigan ng bansa ang naturang proyekto na nagsimula noon pang taong 2009. Layunin nito na mabawasan ang dinaranas na kahirapan ng mga *agrarian reform communities* at matulungan silang maiangat ang kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng mga *rural infrastructure projects*.

Matatandaan naman na naglaan si Gob. Edgardo A. Tallado ng kaukulang halaga bilang *equity* o kabahaging

*(Sundan sa pahina 4)*

# Tig-P10 libo ipinagkaloob sa 3rd batch ng AKBAY Program sa Talisay

Dumating si *Regional* AKBAY *Coordinator* Aloha Gigi I. Banaria sa lalawigan para sa pamamahagi ng ***loan assistance*** sa mga bagong benepisyaryong magsasaka sa bayan ng Talisay na isinagawa noong Hunyo 23, 2014 -8 n.u. sa Talisay *Sports Complex*.

Magkatuwang nilang ipinagkaloob nina *OIC Provincial Admin.* Jose G. Boma, Talisay Mayor Ronnie P. Magana at Acting Provl. Agriculturist Francia C. Pajares ang *roll-over fund livelihood checks* na tig-P10,000.00 na pautang sa mga magsasaka/mangingisda para sa kani-kanilang *micro-scale livelihood projects* na pang-agrikultura at pampangisdaan. Ang naturang pautang na puhunan ay babayaran ng mga AKBAY *beneficiaries* sa loob ng 3 taon na walang interes. Dumating din sa okasyon si *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC) Chairman* Efren S. Mago; *Municipal Agriculturist* Felicisima M. Velasco; at *Provincial AKBAY Coordinator* Irene J. Olivar ng *Office of the Provincial Agriculturist*.

Tanging ang mga magsasaka at mangingisda lamang mula sa mga bayan ng Talisay, San Lorenzo Ruiz at San Vicente ang kwalipikadong maging benepisyaryo ng AKBAY *program* sapagkat ito ay nakalaan lamang para sa mga *5th-6th class municipalities*.

Ayon kay *Acting Provincial Agriculturist* Gng. Francia Pajares, ang AKBAY *Program* ay nasa ilalim ng *2KR-Japanese Grant Assistance for the Food Security Project for Underprivileged Farmers Program* kung saan ang *Department of Agriculture-Regional Field Units (DA-RFUs)* ang nagsisilbing *fund conduit* o daluyan ng pondo. Ito ay ipinatutupad ng *National Agriculture and Fishery Council (NAFC)* sa pakikipagtulungan ng *DA* sa pamamagitan ng mga *Regional Field Units (RFUs)* nito at kaukulang pamahalaang lokal at ang *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC)*.

Sa kabuuan, may 246 na mga magsasaka at mangingisda na mula sa iba't-ibang barangay ng Talisay ang AKBAY *Program beneficiaries*: Set. 23, 2011 - 70; Nob. 12, 2012 - 103; **2013** - Enero 7 - 4; Peb. 20 - 39; Marso 22 - 8; Abril 5 - 1; Dis. 23 - 1 na may kabuuang 226, at ang 20 bagong benepisyaryo nito ngayong Hunyo 23.

Ipinatutupad ang AKBAY sa layuning matulungan ang pinakamahihirap na sektor ng agrikultura at pangisdaan partikular na sa mga lugar na kabilang sa *Accelerated Hunger Mitigation Program*. Sumusuporta rin ito sa Agri-Pinoy *framework* ng *Department of Agriculture (DA)* at sa *Millennium Development Goal 1 - "Eradicate extreme poverty and hunger."* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Prov'l. Govt. muling pinarangalan...

*(Mula sa pahina 1)*

pagkat ang 2 bayang ito ay *1st Class Municipalities* na, samantalang ang bayan naman ng Vinzons ay *Bronze awardee*.

Sa kabuuan ang lahat ng 12 *LGUs* ng Camarines Norte at ang *provincial government* ay pawang panalo sa *Seal of Good Housekeeping (SGH)* na ipinagkakaloob ng *DILG* para sa mga *LGUs* na may katangi-tanging *performance*. Sa lahat ng probinsya sa bansa, tanging ang Camarines Norte lamang ang nakapagtala na lahat ng *LGUs* ay naging *SGH awardee*.

Ang *awarding ceremonies* dito sa Rehiyong Bicol ay itinaon sa paggunita sa ika-56 kaarawan ng yumaong dating *DILG Sec.* Jesse M. Robredo na nasawi sa isang *plane crash* sa karagatan ng Masbate noong nakaraang taon, at naiwan ang kabiyak na si *Cam. Sur 2nd District Cong.* Robredo.

Magugunitang ang Camarines Norte ay naging *SGH awardee* noong 2011 at sa taong 2012. Sa bagong pamantayan ng *DILG scaled-up SGH* ay muli na namang napatunayan ang maayos na pangangalaga sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte. Ang *DILG-PCF* ay isang *performance-based program* ng *DILG* na nagbibigay ng *financial incentives* sa mga *LGUs* na pumasa sa *Seal of Good Housekeeping (SGH)* base sa mga sumusunod na pamantayan: *1. Accountable Governance 2. Transparent Governance* at *3. Frontline Service Performance*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JCALIMLIM/L. Querubin/RMVITO***

# Camarines Norte sarado...



*(Mula sa pahina 1)*

Laguna-Batangas-Quezon) at nakaapekto na sa milyun-milyong puno ng niyog sa mga naturang lugar.

Dito sa probinsya ng Camarines Norte, ang sentro ng kampanya laban sa cocolisap ay sa bayan ng Sta. Elena na katabi ng lalawigan ng Quezon na batay sa pinakahuling ulat ay lumalala na rin ang *cocolisap infestation*.

Kamakailan naman ay nagtungo sa Tanauan, Batangas si *Sec.* Francis Pangilinan, *Presidential Assistant for Food Security & Agricultural Modernization* kung saan inilunsad doon ang isang kampanya laban sa nasabing peste na nagbabanta na ilugmok ang industriya ng niyog sa bansa.

Sang-ayon kay G. Mateo Zipagan, *regional manager ng PCA Bicol*, ang mga *local government officials* sa Camarines Norte ay *"very receptive"* sa aksyong ginagawa ng kanyang tanggapan para puksain ang cocolisap.

Sa katunayan, ililipat ang *PCA Provincial Office* sa Kalinangan *Center* ng *LGU* Daet para doon isagawa ang *mass breeding* ng isang uri ng insekto na kung tawagin ay *coccinelid beetles* na natural na kaaway ng mga *cocolisap*. Idinagdag ni G. Zipagan na may pahintulot na si Daet *Mayor* Tito Sarion para pumwesto sa Kalinangan *Center* ang *PCA*.

Napag-alaman din na may nakalaan ng P750 milyon ang pamahalaang nasyonal para puksain ang *cocolisap*. Ang tanggapan ni *Sec.* Pangilinan ang nasa unahan ng kampanyang ito bilang kalihim ng *Food Security and Agricultural Modernization*.

Ayon kay Bokal Romeo Marmol ng Sangguniang Panlalawigan (SP), mas magiging epektibo ang kampanya laban sa peste kung ibabahagi sa pamahalaang panlalawigan ang P10 milyon para gamitin dito kontra *cocolisap*.

Matatandaan na may itinayo ng *defense line* para hindi makatawid ang *cocolisap* mula sa lalawigan ng Quezon patungo rito sa Camarines Norte. May itinakda na ring *quarantine area* para pagtambakan ng mga bungang-niyog na madidiskubreng may cocolisap. Ang *defense line at quarantine area* ay babantayan ng mga pinagsanib na tauhan ng *Bureau of Plant Industry, Department of Agriculture, Philippine National Police, Department of Trade and Industry, Philippine Information Agency* at *PCA*, dagdag pa ni G. Zipagan. ***(RM Vito-Communications Liaison)***

# 16 ANIBERSARYO NG KALAYAAN NG PILIPINAS

## Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado

Sa ating Pangalawang Punong Lalawigan, sa mga kasapi ng Sangguniang Panlalawigan, sa mga kawani ng Pamahalaan, sa mga mag-aaral, sa lahat ng mga nakilahok sa pagdiriwang na ito, isang mabunying pagbati ng araw ng kalayaan sa inyong lahat.

Mga minamahal kong kababayan, bilang inyong Punong Lalawigan nais kong bigkasin ang isang hamon sa ating lahat sa araw ng kalayaan. Ito ay ang hamon na kung ano ang maaari nating iambag para sa ibayong katiwasayan at kaunlaran ng ating lalawigan. Marami na tayong nalampasang pagsubok. Marami na tayong naisakatuparang mabubuting bagay para sa ating lalawigan. Malayo na ang ating narating sa pagpapabuti ng kalagayan ng ating mga kababayan.

Subalit, mistulang kulang pa rin ang ating mga nagawa. Hindi pa rin sapat ang ating mga pagpupunyagi. Hindi pa rin lubusan ang ating kalayaan mula sa kahirapan, kamangmangan at kawalang pag-asa. Dahil dito, muli tayong minumulto ng diwa ng ating mga bayani. Muli tayong hinahamon na gapiin ang kahirapan. Muli tayong hinahamon na maging mas agresibo sa pagpapaunlad ng ating lipunan. Hinahamon tayo na maging sapat ang pagkain sa hapag kainan ng maliliit nating mga kababayan. Hinahamon tayo na makalikha ng mga trabaho at oportunidad. Hinahamon tayo na maging matino sa pamahalaan at bilang mamamayan. Hinahamon tayo na maging masipag na mga mag-aaral. Hinahamon tayo na magsikap upang maging ganap ang ating mga mithiin.

Kung kaya't, dapat nating isipin kung ano ang maaari nating iambag para sa pagiging makatotohanan ng kalayaan sa ating lalawigan. Hindi dapat tayo mahuli sa mga kapit-lalawigan natin na patuloy na umuunlad. Dapat nating alalahanin na nasa ating kamay ang ating kinabukasan. Sa ganang akin, patuloy kong isusulong ang mga gawaing magpapaangat sa ating agrikultura, imprastraktura, kalusugan, edukasyon, pabahay, paglikha ng hanapbuhay, turismo, pangisdaan, pangangalaga sa kagubatan, karagatan at mga palatuntunang pangkultura at pangkasaysayan na patuloy na bumubuhay sa ating diwa ng nasyonalismo at pagka-makabayan.

Ngayong araw ng kalayaan, itatak natin sa ating mga puso at isipan ang kahalagahan ng pagmamahal sa bayan. Wala nang hihigit pa sa pag-ibig sa bayan sabi nga ng isang katutubong awitin. Ang pag-ibig sa bayan ang siyang gabay natin para sa matuwid na landas. Ang pag-ibig sa bayan ay isang sandigan ng ating katipunan upang makapag-ambag tayo para sa isang makabuluhang pagbabago, gaano man kababa ang ating katayuan sa buhay.

Hindi natin pwedeng kalimutan ang pagsunod sa yapak ng mga dakilang Pilipino tungo sa malawakan at permanenteng pagbabago. Ito ang sinasaad ng ating paksang diwa ngayong taon sa araw ng kalayaan. Ito ang pilosopiya na dapat taglayin ng bawat isa sa atin upang makaambag tayo para sa malawakang permanenteng pagbabago. Ang mga dakilang Pilipinong nauna sa atin ay nagbigay ng matibay na halimbawa na tayo ay dapat maging maka–Diyos at maka-bayan. Sila ang ilaw na tanglaw natin upang tayo ay huwag malihis ng landas. Sila ang inspirasyon natin upang tayo mismo ay maging dakilang Pilipino.

Maraming salamat at mabuhay ang kalayaan ng Pilipinas!



*Nakikipagdaupang-palad si Gob. Egay sa mga PWDs at kanilang mga magulang matapos ang pamamahagi ng Educational Assistance sa mga PWDs na idinaos sa CN Agro-Sports Center noong Hunyo 11, 2014.*

# Kabataang PWDs nakipag-daupang ...

*(Mula sa pahina 8)*

ngangasiwa sa implementasyon ng nasabing *assistance program* ng gobyerno probinsyal.

Kasabay nito, hinimok ni Gob. Tallado ang mga magulang ng mga *PWD students* na huwag mapagod at magsawa sa pagtulong sa kanilang mga anak na may kapansanan. "Kung tayo'y mapapagod, paano na ang kanilang kinabukasan?" tanong ng gobernador sa kanila. Nangako rin si Gob. Egay na hindi siya mapapagod sa pagtulong sa mga mag-aaral na may kapansanan. "Makakaasa kayo na habang ako ang gobernador ay lalo pa nating pag-iibayuhin at palalawakin ang programang ito," dagdag pa niya.

"Mas malaki ang pondo para sa inyo ngayong taon para mas matulungan kayo at madama ninyo na hindi lamang ang mga kabataang kumukuha ng apat na taong kurso o 'yung mga walang kapansanan ang tinutulungan ng ating pamahalaan. Kayong mga *PWDs* ang mas nangangailangan ng aming tulong at suporta", pahayag pa rin ng gobernador.

Batay sa tala ng *PSWDO,* tumanggap ng pinansiyal na tulong ang may 254 *elementary students*, 46 ang nasa *high school* at 50 na kumukuha ng *vocational* na may mga kapansanan sa pandinig, may *attention deficiency syndrome* at iba pang pisikal na kakulangan ngunit may kakayahang matuto.

Ang mga *PWD students* na nakipag-daupang-palad sa gobernador ng hapong iyon *ay* mula sa labing-isang (11) pampubliko at pribadong paaralan sa lalawigan.

Ang ilan ay bigla na lamang yumayapos sa gobernador na para nilang ama, may lumalapit at nagmamano at karamihan ay nais magpakuha ng larawan kasama ang gobernador.

Samantala, ang naturang programa ay sinimulan sa pamamagitan ng kakaibang pag-awit sa Lupang Hinirang na pinangunahan ng mga mag-aaral ng Abaño *Deaf School* na ang gamit ay *sign language* at sinaliwan ng musika. Umawit din ang isang batang naka-*wheelchair*, na dahil sa kanyang magandang pagkanta'y binigyan ng gobernador ng pabuya.

*Ang PSWDO* na siyang namamahala sa proyekto ay pinamunuan ni *Acting PSWDO* Cynthia dela Cruz. *(Rikki M. Vito-Communication Liaison)*

# 14 ARCP2 completed...

*(Mula sa pahina 3)*

pondo para sa mga naturang proyekto para matiyak na mapupunduhan ang iba pang proyektong naisumite ng pamahalaang panlalawigan sa *DAR*.

Ang Camarines Norte ay mayroong apat (4) na *ARCs* na kinabibilangan ng Brgy. Magsaysay, Capalonga; Daguit, Labo; Batobalani, Paracale, at Aguit-it, Vinzons. Ito ay bukod pa sa isang *ARC Cluster*, ang Basud-San Lorenzo Ruiz *Cluster* na binubuo ng mga barangay ng Caayunan, San Pascual, San Felipe, Plaridel, Matnog, Bactas, Mampili at Laniton sa bayan ng Basud, at ang mga barangay naman ng Langga, San Isidro, San Ramon at Matacong sa San Lorenzo Ruiz.

Marami pang proyekto ang patuloy na isinasagawa at nakatakdang ipatupad dito sa Lalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng *ARCP2* na inaasahang higit pang makakatulong sa mga mamamayan dito. ***MARILYN P. ASIS***


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki M. Vito, *Communications Liaison*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM
***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,
***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula
***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.
***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua
Aries Balbas
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# Multi-Services Caravan goes to Calaguas, atbp.



*Sina Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel habang nakikipag-usap sa mga nakatatanda sa Brgy. Mangcawayan, Vinzons. Ipinakiusap din siya sa mga taga-roon na pag-ingatan ang magandang yamang-dagat ng Calaguas na patuloy na dinarayo ng mga turista.*

*May 30, 2014, Vinzons* — *Sa pangunguna nina Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel, tinawid ng ilang opisyal at mga kawani ng Kapitolyo Probinsyal ang karagatan upang dalahin ang multi-services caravan sa mga barangay ng Banocboc, Pinagtigasan at Mangcawayan sa bayan ng Vinzons na labis na ikinatuwa ng mga mamamayan doon. Pang-apat na beses na nila itong pagpunta roon.*

*Narito rin ang kuhang larawan ng ilang proyektong naipagawa roon ng administrasyon ni Gob. Tallado.*









# Mga piling larawan



*<u>Hunyo 6, 2014, Mercedes</u> - Si Gob. Egay kasama ang kabiyak na si Josie at iba pa - Hindi nila inalintana ang init ng panahon at pagod marating lamang ang mga barangay ng Apuao, Caringo at Quinapaguian sa bayan ng Mercedes sa paghahatid ng Multi-Services Caravan tampok ang serbisyong medikal, dental at marami pang iba.*




*<u>Hunyo 5, 2014 - San Vicente, Camarines Norte</u> - Nagsagawa ng espesyal na iskedyul ng multi-services caravan sa barangay Fabrica kasabay ng pasinaya at turn-over ng proyektong barangay health station ng pamahalaang panlalawigan para sa mga mamamayan doon. Si Gob. Egay Tallado at Mayor Francis Ong (parehong nakadilaw na T-shirt) kasama ang iba pang mga opisyales ng bayan at barangay at mga namamahala ng nasabing pasilidad.*



*<u>Hunyo 27, 2014 - San, Lorenzo Ruiz, Camarines Norte</u> - Muli na namang nadalaw ng MSC ang mga barangay ng Daculang Bolo, Mampurog at Matacong. (mula sa kaliwa) Board Member Pol Gache, Bise Gob. Pimentel, Gob. Egay Mascot, Gob. Egay Tallado, Gng. Josie Tallado, at ang mga day care children doon sukbit ang bag na ipinagkaloob sa kanila ni Mam Josie.*

# 1st health-related youth congress held

The Provincial Health Office in cooperation with the Department of Health (DOH), United Nations Population Fund (UNFPA), Union for Unity-Center for Health Solutions and Innovations Philippines, Inc. (U4U-CHSI) and Population Commission (Popcom) spearheaded the celebration here of the 1st Health-Related Youth Congress in Camarines Norte on May 30, 2014 at Bel-Air Resort, Daet, Camarines Norte with the theme, **"The Youth ... the hope of tomorrow?? We are not just the FUTURE, we are the PRESENT!"**

Some 300 in-school and out-of-school youth from the different schools and barangays of the 12 municipalities of the province participated in the said youth congress.

Of the afore-said number, thirty two (32) youth leaders were given orientation a day before the congress purposely to prepare them for the said event. A workshop for youth facilitators was also held which further enhanced their knowledge on how to handle the activity with Mr. Nilo Yacat of CHSI as main facilitator and a PHO staff as support facilitator. They were then given the responsibility to manage the 1-day congress with minimal adult supervision in as much as the event is theirs, so to speak.

During the said congress, the youth were convened where they were allowed their voices to be heard. They, too, were encouraged to express their feelings; share their needs and aspirations, and instill in their minds that the government is truly concerned about their welfare. They are assured that their rights and privileges are now given priority as the plan of actions that best suit their needs will be included in the provincial plan.

Likewise held were several activities that captured the attention and curiosity of the youth. The message delivered by Regional Director Gloria J. Balboa was inspiring and informative, too.

Several booth displays and U4U stops were

*(Continued on page 7)*



*Some of the youth who participated in the 1st Health-Related Youth Congress.*

# 2013-2022 is Decade for PWDs




*Nanunumpa sa tungkulin ang mga bagong opisyal ng Alyansa ng mga may Kapansanang Pinoy (AKAP Pinoy): 1) Rex A. Bernardo-President; 2) Gerardo Arquizal-PIA; 3) John Estores-PIA; 4) Monique Factor-Buss. Mgr.; 5) Sister Lydia Gumba-Treasurer; 6) Alex Almazan-Vice President; 7) Janet Alegre-Secretary, at 8) Virgilio Reambillo-Buss. Manager.*

# Ganap na karapatan ng mga may kapansanan, ipinaglalaban samantala opisina para sa kanila matutupad na

Dumating sa lalawigan si Carmen Reyes Zubiaga, *Acting Executive Director* ng *National Council on Disability Affairs* noong ika-5 ng Hunyo bilang pangunahing tagapagsalita sa *First Provincial Summit* ukol sa pagsusulong na maging ganap ang karapatan ng mga *Persons with Disabilties (PWDs)* sa lipunan sa tulong ng pamahalaan.

Pinamunuan din niya ang pagsumpa sa tungkulin ng mga bumubuo ng bagong tatag na samahan ng **A**lyansa ng mga may **Kap**ansanang Pinoy (AKAP Pinoy) dito sa Camarines Norte.

Si G. Rex Bernardo, tagapamuno ng *Provincial Council on Disability Affairs (PCDA)* ang siyang nanguna sa pangangasiwa ng nasabing pagtitipon, sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at *Commission on Pastoral Care for Persons with Disabilities*.

Samantala, ang matagal nang isinusulong ng kanilang sektor na pagtatalaga ng isang *Camarines Norte Provincial Persons with Disability Affairs Office (CN-PDAO)* ay malapit nang pagtibayin ng Sangguniang Panlalawigan sa pamumuno ni Bise Gob. Jonah Pimentel. Ito ay ikakalendaryo na para sa *3rd and final reading*.

Nakapaloob din sa Ordinansa ang paglikha ng isang permanenteng posisyon na *PWD Affairs Officer III* na siyang mamamahala ng nasabing tanggapan na ang termino ay sa loob ng 3 taon.

Nakasaad din sa nasabing Ordinansa na maglalaan ang Punong Lalawigan ng tamang espasyo at lugar para sa kanilang magiging tanggapan pati na ang kanilang mga kakailanganing kagamitan at materyales dito.

Simula sa taong 2015, ang pamahalaang probinsiyal ay maglalaan ng pondo para sa pagpapatakbo ng nasabing tanggapan na magbibigay katuparan sa mga karapatang dapat matamasa ng mga *PWDs*. ***jing@calimlim***

# PWD kasali na sa...

*(Mula sa pahina 8)*

hayag na maraming programa ng pamahalaang panlalawigan na nagbibigay-kalinga sa mga *disabled persons*.

Binigyang-diin din niya ang pag-aamyenda ng Sangguniang Panlalawigan sa *Provincial Ordinance No.07-2011* na kilala sa tawag na *PGCEAP* bilang pagkilala sa pantay na karapatan ng mga *PWDs* na makapag-aral sa kolehiyo.

Dati nang nakapaloob sa *provincial ordinance* ang pagbibigay-puwang sa mga kabataang may kapansanan na maging *PGCEAP grantee* subalit hindi malinaw ang mga panuntunan para sa kanila. Dahil nga sa may kapansanan, hindi nila kayang tugunan ang mga *requirements* na 83% na grado upang makapag-aplay gayundin ang makapasa sa eksaminasyon. Ngunit kapag ganap na silang iskolar ay kailangan din nilang panatilihin ang marka o *general weighted average (GWA)* na itinatakda ng ordinansa.

Sa mas malinaw na probisyon na idinagdag sa ordinansa, naging maluwag ang patakaran sa mga PWD bilang pag-unawa sa kanilang kalagayan.

Sa kabuuan ang kasalukuyang bilang ng iskolar ng pamahalaang panlalawigan ay 1,253 na. Bunga ito ng panibagong dagdag na pondong P 4 milyon para ngayong taon. Sa mensahe ng punong lalawigan sa ginanap na oryentasyon, sinabi niya na kung siya ay papalarin pa ng isang termino, itataas niya hanggang P20 milyon ang pondo para sa *PGCEAP*.

Matatandaan na ang *1st Batch of Orientation Program for New Scholars* ay isinagawa naman noong Mayo 23, 2014 kung saan si Bise Gob. Jonah Pimentel ang dumalo at nagbigay ng mensahe sa mga kabataang iskolar ng lalawigan. ***JING ARRIOLA-CALIMLIM***

**PATAKARAN PARA SA MGA PGCEAP—PWD GRANTEES:**

1. Hindi na kailangang kumuha ng *admission test* ang *PWD applicant* na mula sa mahirap na pamilya;
2. 78% lamang ang *general weighted average (GWA)* na kailangan nilang panatilihin habang iskolar
3. Sakaling huminto sa panahon ng pag-aaral dahilan sa taglay na kapansanan, maaari uli silang mapagbigyan na makamit ang patuloy na benepisyo kapag maayos na ang kanilang kalagayan.
4. Itinakda rin na 5 porsyento ng *total available slots* sa *PGCEAP* ay ilalaan para sa mga *PWDs*.
5. Ang isang kabataan na nais mag-aral sa kolehiyo ngunit hindi niya magawa dahil *PWD* ang kanyang magulang kung kaya hindi makapaghanap-buhay ay maaari ring mapabilang dito.
6. Sakali at maraming aplikante, ibibigay ang prayoridad sa mga aplikanteng mag-aaral na *PWDs*.
7. Gayundin, ang mga patakaran para sa mga regular o normal na iskolar ay ipatutupad sa mga *PWD* iskolar na hindi sila ang may kapansanan kundi ang kanilang magulang tulad ng *GWA* na 85% sa bawat semestre.

# Camarines Norte kabilang sa 18 ....

(Mula sa pahina 8)

ginagamit para sa iba't-ibang serbisyo sa lipunan. Kapag ang isang lalawigan ay hindi na tama at napapanahon ang *schedule of market values* ng mga ari-arian, hindi ito patas sa mga *taxpayers* at nagkakaroon ng kakulangan sa koleksyon ng buwis ng pamahalaan at nagiging sanhi ng limitadong mga gawain at programa para sa publiko.

Kabilang din ang Camarines Norte sa 30 lalawigan na tumutupad sa ipinag-uutos ng *Local Government Code* na pagsasagawa ng *general revision of property assessment and classification,* isang beses tuwing ika-tatlong taon. Itinatakda ng batas na ang buwis na sisingilin sa mga *real properties* ay dapat *na fair, current and updated.*

Sa lathalang ipinalabas ng *Department of Finance (DOF)* at *Bureau of Local Government Finance (BLGF)*, nabatid din na ang karatig nating lalawigan ng Camarines Sur ay 18 taon nang hindi nakapagsagawa ng nasabing *revision*. Sa kabuuan ay 50 probinsya ang hindi nakatutupad sa itinatakdang gawain.

Samantala, masaya si Bb. Defeo dahil sa pagpapahalagang ipinadama ng kanyang mga katuwang sa paglilingkod sa pamahalaan. Dagdag ding kasiyahan sa kanya ang nasabing ulat ng *DOF* at *BLGF* bago siya magretiro bilang patunay na bahagi siya ng nasabing *accomplishments* ng *Provincial Assessor's Office of Camarines Norte*.

Natuwa naman si Gob. Tallado at *yes* na *yes* ang tugon niya sa pahayag ni Bb. Defeo na kung itutulot ng gobernador ay sasama pa rin siya sa isasagawang *multi-services caravan* ng Kapitolyo Probinsyal.

Isang pananghalian naman ang inihandog ng gobernador noong ika-16 ng Hunyo 2014 sa *Provincial Assessor's Office* para sa kaarawan ni Bb. Defeo na kanyang huling araw ng serbisyo sa edad na 65 taon.

Sa pagdiriwang ng *Civil* Service *Month* sa Setyembre ay may hiwalay pang pagkilala ang isasagawa para sa kanya kasama ang iba pang nagretirong kawani ng Pamahalaang Panlalawigan ngayon at sa nakaraang taong 2013.

Si Bb. Defeo na tubong Jose Panganiban ay nagsimulang manungkulan sa Provincial *Asessor's Office* noong 1981 bilang *data gatherer*; naging *assessment aide*, naging *assessment clerk* at *Taxmapper 1* noong 1986-1992. Noong Setyembre 1992 ay nahirang siya bilang *Assistant Provincial Assessor* at naging ganap na *Provincial Assessor* noong Marso 1998. Siya ay nagtapos ng kursong *Commerce* at kumuha ng *masteral units* sa *University of Nueva Caceres*. ***Jing Arriola-Calimlim***

## 62 of 80 provinces[1] use outdated basis[2] for collecting real property tax

5 in every 8 of them have property tax contributing only less than 5% to their annual regular income.[3]

Revenues from real property tax (RPT) sustain local government units' delivery of basic services for the people. Under the Local Government Code, RPT should be based on a Schedule of Market Values (SMV) that is fair, current, and updated. Provinces and cities are required to update the SMV and to conduct general revision of property assessments and classification once every three years.

However, several provinces failed to comply with this provision. When local government units fail to update their SMVs, they result to limited revenues to the government and cause unjust burden to taxpayers.

| | |
|---|---|
| 80 | Number of provinces |
| 62 | provinces have outdated SMV as of 2014 |
| 50 | provinces are already overdue for general revision of property assessments and classification |
| 30 | provinces are compliant in conducting a general revision once every three years |
| 12 | of the compliant provinces did not use updated SMV according to base valuation year |
| 25 | years – the longest a province has not revised (Maguindanao) |
| 3 | number of years within which an SMV is deemed current and updated |

**ON WHAT YEAR ARE THE PROPERTY TAXES OF PROVINCES CURRENTLY BASED?**

| BASE YEAR OF SMV | PROVINCES |
|---|---|
| 1985 | Maguindanao |
| 1992 | Basilan |
| 1993 | Marinduque |
| 1994 | Pampanga |
| 1997 | Camarines Sur |
| 1998 | Negros Oriental |
| 1999 | Guimaras, Tarlac, Zambales |
| 2000 | Benguet |
| 2001 | Bataan |
| 2002 | Albay, Bukidnon, Dinagat Islands, Iloilo, Lanao Del Sur, Quezon |
| 2003 | Aurora, Cagayan, Zamboanga Del Sur |
| 2005 | Aklan, Bulacan, Palawan, Sulu, Western Samar |
| 2006 | Misamis Oriental, Occidental Mindoro, Surigao Del Sur |
| 2007 | Agusan Del Norte, Antique, Bohol, Ilocos Sur, Masbate, Sarangani, |
| 2008 | Biliran, Camiguin, Davao Del Norte, Ilocos Norte, Isabela, La Union, Leyte, Misamis Occidental, Quirino, Rizal, Romblon, Sultan Kudarat, Tawi-Tawi, Zamboanga Del Norte, Zamboanga Sibugay |
| 2009 | Apayao, Batanes, Batangas, Cavite, Davao Oriental, Eastern Samar, Ifugao, Mountain Province, Nueva Vizcaya, Southern Leyte, |
| 2010 | Abra, North Cotabato, Pangasinan, |
| Updated | Agusan Del Sur, Camarines Norte, Capiz, Catanduanes, Cebu, Compostela Valley, Davao Del Sur, Kalinga, Laguna, Lanao Del Norte, Negros Occidental, Northern Samar, Nueva Ecija, Oriental Mindoro, Siquijor, Sorsogon, South Cotabato, Surigao Del Norte |

**WHEN WAS THE LAST TIME YOUR PROVINCE CONDUCTED A GENERAL REVISION OF PROPERTY ASSESSMENTS AND CLASSIFICATION?**

| YEARS OVERDUE | PROVINCES |
|---|---|
| 25 | Maguindanao |
| 15 | Pampanga |
| 13 | Camarines Sur |
| 12 | Marinduque, Negros Oriental |
| 9 | Bataan, Tarlac |
| 8 | Albay, Bukidnon, Guimaras, Lanao Del Sur, Quezon, Zambales |
| 7 | Aurora, Cagayan, Zamboanga Del Sur |
| 6 | Basilan |
| 5 | Aklan, Bulacan, Palawan, Sulu, Western Samar |
| 4 | Misamis Oriental |
| 3 | Dinagat Islands, Sarangani, Surigao Del Sur |
| 2 | Batanes, Bohol, Davao Del Norte, Ilocos Sur, Ilocos Norte, Isabela, La Union, Leyte, Masbate, Misamis Occidental, Quirino, Sultan Kudarat, Zamboanga Del Norte |
| 1 | Antique, Apayao, Batangas, Biliran, Camiguin, Davao Oriental, Eastern Samar, Ifugao, Occidental Mindoro, Southern Leyte, Zamboanga Sibugay |
| Generally Compliant | Abra, Agusan Del Norte, Agusan Del Sur, Benguet, Camarines Norte, Capiz, Catanduanes, Cavite, Cebu, Compostela Valley, Davao Del Sur, Iloilo, Kalinga, Laguna, Lanao Del Norte, Mountain Province, Negros Occidental, North Cotabato, Northern Samar, Nueva Ecija, Nueva Vizcaya, Oriental Mindoro, Pangasinan, Rizal, Romblon, Siquijor, Sorsogon, South Cotabato, Surigao Del Norte, Tawi-Tawi |

# 4-H Club ng CamNorte patuloy na nagwawagi sa mga patimpalak

Tinanghal na *1st runner-up* ang delegasyon ng *Bicol Region* sa *62nd Farm Youth (4-H) National Congress* na isinagawa kamakailan sa *Family Country Hotel and Convention Center* sa *General Santos City*.

Kabahagi sa nasabing pagwawagi ang Camarines Norte dahil sa limang (5) miyembro ng *Camarines Norte 4-H Club* ang pawang nanalo sa iba't-ibang kategorya ng patimpalak.

Bago ang nasabing *national congress,* ang naturang 5 kabataan ay nauna nang dumalo sa *Bicol Youth Camp 2014* na idinaos sa Kawa-Kawa, Ligao, Albay simula Abril 9-11, 2014.

Sila ay pawang nanalo sa iba't-ibang kategorya ng patimpalak kung kaya sila ay napasama bilang kalahok sa pambansang tagisan kung saan muli silang nanalo.

Sa nabanggit na *Bicol Youth Camp* ay ilan pang taga-Camarines Norte ang nanalo. Ito ay sina Jessa Mae Repia ng Maulawin, Sta. Elena *4-H Club* na nakuha ang *4th place in rice production technology*; Marian Pearl Ibasco, *4-H Club Brgy. II (Daet)-2nd place in extemporaneous speaking* at Daniel Babagay, Taisan (Basud) 4-H, *2nd place in 4 H Quiz* .

Samantala, agad na ipinaabot ni Gob. Edgardo A. Tallado ang kanyang mainit na pagbati sa mga kalahok ng Camarines Norte sa nasabing *national congress* na dapat umanong tularan ng mga kabataan sa lalawigan. Sila aniya ang mga bagong kabataan na aktibong tumugon at kumilos sa panawagan ng mga pampamahalaan at pribadong sektor para maisakatuparan ang tema ng *farm youth national congres*s ngayong taon na, *"Youth Empowerment for Food Sufficiency and Sustainability"*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JCALIMLIM***

# Gob. Tallado dumayo...

(Mula sa pahina 2)

magitan ng *Flag Days* o pagwawagayway ng ating Pambansang Watawat simula Mayo 28 at nagtapos noong Hunyo 12 sa mga kabahayan, establisimyento, parke at opisina at maging sa mga sasakyan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ AIDA B. PANDEAGUA/jcalimlim***

# 1st health-related...

(Continued from page 6)

installed where youth participants toured around. The crowd was divided into groups so they would not be congested in one area alone. The flow of the participants' tour was very systematic, everyone enjoyed each corner of the venue with the eye catching STI and Responsible Parenting corner. From reading the various campaign messages, the youth not only learned but were enlightened also of their very responsibilities to their own selves.

The highlight of the activity was the launching of the U4U where the services it offers to adolescents and how they could access them were discussed. The film showing of the "Power of You" and "The Red Leaves Falling" were also held.

Moreover, the 3 speakers being invited to the said event discussed the following topics: 1) How to introduce Sexuality in the Class by a Values Education Teacher; 2) Social Relationship and Responsibilities by a Guidance Counselor, and the 3) Fertility Awareness by an NDP Nurse.

All the topics seemed to be interesting as seen on the faces of the participants showing several emotions- happy, amazed, curious, but most of all, aware, educated and challenged to make a difference to prove that they truly are not only the hope of tomorrow, but the present and future stewards that our country can rely on.

Ms. Helen E. Marqueses, Provincial Adolescents Health Program Coordinator supervised the whole event with the support of 32 capable teen facilitators headed by Miss April Rose Zabala, SK Chairman of Brgy. 5, the PHO support Staff, Loria Dipasupil, Myra Ong; Joane Madrigal, Gloria P. de Leon and Marino A. Abogado.

Visible also during the said event was Dr. Jocelyn Iraola, head of Camarines Norte DOH Office. This was aside from the support and assistance extended by DOH Region V Officials like Dr. Gloria J. Balboa, Dr. Rose Rempillo and Ms. Myrna Rayala.

The said Congress was successfully done through the funding support of DOH V who shouldered the cost of meals and accommodation of the participants while LGU Camarines Norte and UNFPA thru CHSI provided counterpart fund for the exhibit and venue preparation and other incidental expenses. ***HELEN E. MARQUESES, AHP Coordinator/lorena dela torre-ibasco/jocelyn grace calimlim***

# Camarines Norte kabilang sa 18 probinsiya na updated ang schedule of market value sa pagbubuwis sa mga ari-arian

Isang sorpresang okasyon ang inihanda ng *Camarines Norte Assessors League* noong Hunyo 11, 2014 sa Paseo de Bienvenidas, Daet upang bigyang-pugay ang nagreretiro sa serbisyo na si Bb. Anabelle Defeo, ang *Provincial Assessor* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Ipinagkaloob kay Bb. Defeo ang magkahiwalay na plake ng pagkilala mula sa nasabing samahan at mula kay Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado. Matapos ito ay nagpahayag siya ng pasasalamat sa lahat ng mga taong naging kasama at katuwang niya sa paglilingkod sa pamahalaan. Malugod din niyang ibinalita ang isang lathala sa pahayagang *The Philippine Star dated June 4, 2014* ukol sa pagpapatupad ng *Schedule of Market Value (SMV)* sa pagkolekta ng buwis sa mga natitinag at di-natitinag na mga ari-arian.

Ayon sa balita, ang Camarines Norte ay kasama sa 18 lalawigan na *updated* ang *SMV* kaya maayos na nakapagkokolekta ng buwis na

(Sundan sa pahina 7)



*REMARKABLE RETIREMENT—Kinilala ng pamahalaang panlalawigan ang mahaba at mahusay na serbisyo ni Ms. Anabelle Z. Defeo bilang Provincial Assessor ng Camarines Norte*



*Ang mga municipal assessors ng Camarines Norte sa kanilang pagbibigay kay Annabel MZ Defeo ng Plake ng Pagkilala sa 6 na taong pamumuno nito sa kanila bilang Provincial Assessor ng Provincial Government of Camarines Norte.*

# Kabataang PWDs nakipag-daupang palad sa kanilang tagapagtaguyod na ama ng lalawigan



*Ang ilan sa mga PWDS na nag-aaral sa elementarya kasama ang magulang at guro nang tumanggap sila ng tulong-pinansiyal noong Hunyo 11 kung saan makikitang isang PWD ang malambing na lumapit kay Gob. Egay Tallado na dahil sa naramdamang kasiyahan ay binigyan ng gobernador ng konting pabuya.*

Mula sa 84 na *persons with disability* o PWDs, tatlong daan at limampung (350) na mga *PWDs* na estudyante mula sa iba't-ibang paaralan sa Camarines Norte ang pinagkalooban ng tulong-pinansiyal ng pamahalaang panlalawigan para sa kanilang pag-aaral sa isang programang isinagawa noong Hunyo 11, 2014 sa *Camarines Norte Agro Sports Center.*

Ipinagkaloob ni Gob. Edgardo A. Tallado ang mga tseke na nagkakahalaga ng tig-dalawang libong piso (P2,000) para sa mga *PWD students* na nasa elementarya at hayskul at tig-limang libo (P5,000) naman para sa mga kumukuha ng *vocational/transition short courses.*

Sa kabuuan, umabot sa P850,000.00 ang *cash assistance* na ipinagkaloob ng gobernador na pinunduhan sa ilalim ng *Program for Persons with Disability* na ipinatutupad ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*. Lubha itong malaki kumpara sa dating P200,000.00 na ipinagkaloob sa mga *PWD students* noong nakaraang taon.

"Gusto ko na sa susunod na taon ay mas malaki pa ang tulong na ibibigay natin sa kanila", tagubilin ng gobernador sa *PSWDO* na siyang na-

(Sundan sa pahina 4)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 5, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# PWD kasali na sa PGCEAP bilang ng iskolars, 1,253 na

Sa pagbubukas ng *School Year 2014*, 50 kabataang mag-aaral sa kolehiyo ang espesyal na mapapabilang sa *Provincial Government College Education Assistance Program* (PGCEAP), dahil sa pagkakataong ipinagkakaloob sa mga *persons with disability o PWDs.*

Sa ebalwasyong isinagawa ay napili na ang 38 kwalipikado samantalang patuloy pa rin ang pagtanggap ng aplikasyon mula sa nasabing sektor.

Sa *2nd Batch of Orientation Program for New Scholars* noong ika- 4 ng Hunyo sa *Little Theater* ay ipinakilala ang mga bagong *PWD* iskolars na tinanggap mula kay Gob. Edgardo A. Tallado ang ***Certificate*** na nagpapahayag ng pananagutan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na babayaran ang kanilang matrikula.

Sa mensahe ni Gob. Tallado sa nasabing okasyon, kanyang ipina-

(Sundan sa pahina 6)




*Nagpapahayag ng pasasalamat si Roxanne Orendain, 4th year college BS Entrep student na bagama't nasa huling taon na sa kolehiyo ay napabilang pa rin sa bagong iskolar ng pamahalaang panlalawigan samantalang nakikinig si Gob. Edgardo A. Tallado at si Edgarlene Villanueva na isa ring iskolar at kasalukuyang Pangulo ng CN PGCEAP Grantees Association.*